Panayam:

# Hinggil sa Tayutay & Matulaing Kaisipan

Louie Jon A. Sanchez, PhD




# Tutuklasin

- Ano ang nagpapatula sa tula?
- Ano ang nasa isip ng makata habang nililikha ang tula?
- Ano ang kasangkapan ng makata upang bigyang-anyo ang kaniyang nasasaisip?

# Ang Mga Kahulugan Ng Salita Ang Susi sa Pagtula

- **Denotasyon**: Ang kahulugan sa diksiyonaryo.
- **Konotasyon:** Ang iba pang makahulugan at mas mataas na diwa ng salita.

# Likas na Nananananalinghaga
# Ang Salita







Ferdinand de Saussure

# Ina





Sa kapuwa Ina'y wala kang kaparis
ang layaw ng anak: dalita't pasakit;
pag nagpatirapang sa iyo'y humibik
lunas na gamot mo ay kasakit-sakit.
—**Andres Bonifacio**

# 3 Pangunahing Kaisipan Hinggil sa Tula

(1) Ang tula ay **isang uri ng wika**, **isang uri ng paggamit sa wika.**

(2) Ang pangunahing kagamitan ng tula ay **imahen**.

(3) *[kaugnay ng (1)]* Ang tula ay nagiging tula dahil sa **talinghaga.**



# Isang Uri ng Paggamit sa Wika




Sa isang madilim gubat na mapanglaw
dawag na matinik ay walang pagitan,
halos naghihirap ang kay Febong silang
dumalaw sa loob na lubhang masukal.




Ay ano nga'y nang makita
ni Hudas na palamara,
ang pag-ayop at pagmura,
pag-alipusta tuwi na
sa Maestrong Poong Ama.

**—Mula sa *Pasiong Mahal***

# Pangunahing Gamit ng Tula ang Imahen

Limang dipang taong nagtutulakan
sa Abenidang aking kinatatayuan;
nag-aabang ng masasakyan
patungo kung saan, di ko malaman.

— **“Limang Dipang Tao” ni R. Cayabyab**








Isang pinggang sinangag,
Isang lantang tinapa,
Isang sarting salabat,
Isang buntunghininga.
—**"Agahan" ni Rio Alma**

# Nagiging Tula ang Tula dahil sa Talinghaga

- Ang **talinghaga** sa *Vocabulario de la lengua tagala* (1860) nina **Juan de Noceda** at **Pedro Sanlucar:** "misterio" at "metafora"
- **Lope K. Santos:** apat na katangian ng katutubong pagtula: tugma, sukat, **talinghaga**, at kariktan.
- **V.S. Almario**: "Sa loob ng isang tula o pahayag, ang **talinghaga** ang mismong larawan ng kamalayan ng tao. Isinisiwalat nito ang kilos at lakas ng isip samantalang ginagagap ang isang karanasan. Kaya't kung matapat, ipinababanaag nito ang nakaraan, kapaniwalaan, at iba pang makabuluhang puwersang panloob na kinakasangkapan ng tao-makata sa pagsusuri ng kanyang karanasan."

# Ang Kaibhan: Tula at Prosa



- **Prosa**: tuwirang pagsasabi.
- **Tula**: di tuwirang pagsasabi; matalinghaga



Field trip sa may pagawaan ng lapis
Ay katulad ng buhay natin
Isang mahabang pila
Mabagal at walang katuturan

**—"Huwag Mo Nang Itanong" ng Eraserheads**

# Tayutay Bilang Bahagi Ng Matulaing Wika

(1) Simile
(2) Metáporá
(3) Sinekdoke
(4) Metonimya
(5) Parikala
(6) Balintuna
(7) Personipikasyon
(8) Panawagan
(9) Alusyon




# Simile: It's like parang.

- "Ang buong daigdig ay parang isang entablado" (all the world *is like* a stage)
  - May nakapagitan sa paghahalintulad; hindi tuwiran: pagtutulad na may interbensiyon.

Darating ang panahon ng paglimot sa iyo.
Kalilimutan ka ng sarili mong daigdig
Tulad ng paglimot ng lupa sa sarili nitong damo,
At ng paglimot ng damo sa sarili nitong ugat.

Ipagpasalamat mo
Sapagkat ang paglimot ang ganap na katahimikan.

Pagdating ng panahon ng paglimot,
Kahit ka dakila,
Para kang buntalang biglang nawalan ng liwanag,
Nakabitin sa kawalan at kawalang-hanggan,
At walang makaalala kahit sa bathalang pinagpangalanan.
**— "Bulay 14" ni Rio Alma**

# 2 Metáporá : A + B =C.

- R.T. Añonuevo: Nagsasanib ang A at B upang lumikha ng C, na pahiwatig.
- I. A. Richards: Vehicle at Tenor.
- "Ang buong daigdig ay isang entablado" (all the world *is a* stage)
  - Tuwirang paghahalintulad. Paglilipat, pagsasanib ng katangian ng dalawang bagay.

# Palalimin Natin

- Bumuo ng pangkat na **triad** (tatluhan) at magbahaginan.
- Magbigay ng halimbawa ng mga **simile** at **metápορά** na ginagamit natin sa araw-araw.
- Ipaliwanag sa isa't isa kung bakit sila **simile** at **metápορά**.

# **Sinekdoke** at Metonimya

3 & 4



- **Sinekdoke:** Imahen at pahiwatig ng kalingkingan, na kumakatawan sa kabuuan: "Ang sakit ng kalingkingan ay sakit ng buong katawan."
  - Gloc 9: "Tinidor na hindi nakakikilala ng tutong."
  - Tayutay: "Dadanak ang dugo!"

- **Metonimya:** Imahen at pahiwatig ng pagpapalit-ngalan:
  - Kasabihan: "Pagkahaba-haba man ng prusisyon, sa simbahan din ang tuloy."
  - Tayutay: "Uubusin ko ang lahi mo."




# Parikala: Balibaligtaran

- **Irony.**
- Parikalang verbal
  - understatement, hyperbole
- Parikala sa sitwasyon
- Parikalang dramatiko

Kung ako ay bigo at hindi natuto
Sa naiwang aral ng maraming siglo,
Kung di ko nakamtan sa mga likha ko
Ang saganang buhay at payapang dako,
Kung ang kabihasnang ito ay patungo
Sa daang madugo na apoy ang dulo,
Kung ito ang bunga ng laboratoryo
At ng aking kristal na subukang-tubo,
Bayaang magbalik ako sa araro
Na pinanggalingan ng payak na tao,
Ang paniniwala ay muling dadako
Sa tinalikurang sinag sa Kalbaryo—
Ako ay babalik na yuko ang ulo
Sa aking iniwang dambana sa kubo!
**—"Laboratoryo at Dambana" ni Teo Baylen**



6

- **Paradox**
- Tambalan ng salungatan na maaaring tanggaping buo at totoo.
- Oxymoron: dalawang terminong nagsasalungatan.
  - Paglalapit na paglalayo (closeness will tug us apart, O. A. Dimalanta).



# Balintuna: Kontradiksiyon



Pagdadapithapon
kata'y magbabalik sa pinanggalingan,
sugatan ang paa
at sunog ang balat sa sikat ng araw...
Talagang ganoon:
Sa dagat man, Irog, ng kaligayahan,
lahat, pati puso
ay naaagnas ding marahang-marahan...

**— "Sa Tabi ng Dagat" ni ldefonso Santos**




# Personipikasyon: Pagsasatao

- Pagbibigay ng katauhan, o kakayahang nasa tao sa mga bagay.



Naglulumi-lumiyad
Ang dila ng kandila,
Tinutupok ang putlang
Sa krus ay umaagnas.

Humahalinghing ang hangin,
Humahalimhim ang dilim.

**—"Sa Altar" ni Michael M. Coroza**

# 8 Panawagan: May Kausap ang Persona



- Pangungusap ng persona sa tula na parang kaharap lamang: malayo, patay, o hindi naman tao (dahil isang mas malaking nilalang). Ang mahalagang salik: ang pagkamatalik (intimacy).



# 9

# Alusyon: Pagtawag sa Gunita ng Panitikan

- Paggamit ng mga naunang mga naunang teksto, lalo na yaong mga klasiko, upang “muling basahin” o pagyamanin sa tula.
- Halimbawa: Si Medusa ni Benilda S. Santos—

  muling pinagsasalita ng makata ang tinig bilang nilalang na kinatatakutan sa mitolohiyang Griyego, at bilang isang babaeng naghihimagsik sa patriyarkiya.

**Medusa**
Ni Benilda S. Santos

Siya na nakapantalon
at mainit ang hininga
inihiga ako sa gilid ng mundo
at tiningnan nang tiningnan

hanggang sa mangalirang
ang aking buhok
at sa matinding galit at takot
maging ahas ang bawat isa sa kanila
gutom na gutom
sa lasa ng laman
ng labing may pawis ng pagnanasa

hanggang sa madurog
ang aking puso
at sa di-mapatid na sakit at pait
maging bato ito
malamig na malamig ang pintig.

Ngayong lupang latag na latag na
ang aking katawan
sa ilalim ng malulupit mong talampakan
ikaw naman ang aking titingnan nang titingnan

hanggang matuyo ka
sa apoy ng aking mata
at sipsipin ng bawat ahas kong buhok
ang bawat patak ng dugo sa iyong mga ugat
at masimot ang kaliit-liitang kutob ng buhay.

Namamangha ka sa liyab ng aking higanti?
Ay! ikaw ang hari ko't guro, Lalaki!

# Ituro Natin

- **Sa pagpapabasa ng tula:** alamin at ipaliwanag ang mga sumusunod na elemento ng tula—
  - **Ang anyo**
  - **Ang persona**
  - **Ang dramatikong sitwasyon**
  - **Ang mahahalagang tayutay**
  - **Ang matulaing kaisipan**
  - **Iugnay ang kaisipan ng tula sa iba pang tekstong/textong makapagpapayaman dito—pinta, eskultura, potograpiya, pelikula, atbp.**